
LEVEL 1

# Leveled Reader
## in Filipino

# Ang Nawawalang Bola




Isinulat ni Nasrin Mustafa

Iginuhit ni ASM Tanvir Hassan Raju



Sina Sandro, Miguel, Emman, at Jesi ay handa nang maglaro. “Sandali lamang, kukunin ko ang aking bola,” sabi ni Jesi.



Nagmamadaling pumasok si Jesi sa kaniyang silid.



Naku po! Sobrang makalat ang kaniyang kuwarto!




Saan kaya magsisimulang maghanap si Jesi ng kaniyang bola?







Nasa kaniyang kama kaya ang bola?



Naku, wala!







Nasa kaniyang mesa kaya ang bola?



Naku, wala rin!



"Jesi, bilisan mo!"
sigaw ni Sandro.




Mula sa kaniyang silid ay sumigaw rin si Jesi, “Hintay lang! Hindi ko mahanap ang bola ko!”





Malapit kaya sa damitan ang bola? Nasa ilalim ba ito ng mga damit?




Hindi! Wala rin dito ang bola!




Sumagot sina Sandro, Miguel, at Emman, "Naiinip na kami Jesi. Ayaw na naming maghintay! Aalis na kami!"



Galit si Jesi sa kaniyang sarili. Hindi niya mahanap ang kaniyang bola kahit saan!



Ngunit nagmukhang malinis ang kaniyang silid...



maliban sa kahong iyon, sa itaas ng kabinet...







Tingnan mo! Narito
pala ang bola!



Kinabukasan, hinanap ni Jesi ang kaniyang mga kaibigan. Ngayon, may bola na silang gagamitin sa paglalaro!

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI INTERNATIONAL

The Asia Foundation